# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 3
## Modyul Blg. 13

## Kahit Kulang, Kahit 'Di Sapat…

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Naranasan mo na bang gumawa ng proyekto na hindi kumpleto ang mga gagamiting materyales o magluto ng ulam na kulang ang rekado? Ano ang nagiging reaksyon mo kapag nalalagay ka sa mga ganitong sitwasyon? Bakit?

Ano ang ginagawa mong paraan upang makagawa o makatapos ng gawain sa kabila ng kakulangan sa mga materyales? Mahalaga bang matutuhan mo kung paano haharapin ang mga sitwasyong ganito? Bakit?

Umaasa akong sa tulong ng mga gawaing inihanda para sa iyo, malilinang mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

Nalilinang ang kakayahang makagawa sa kabila ng limitadong pinagkukunang-yaman (L.C 3.5)

A. Nasusuri ang kahalagahan ng paglinang ng kakayahang makagawa sa kabila ng limitadong pinagkukunang yaman
B. Natutukoy ang mga pagpapahalagang dapat linangin kaugnay nito
C. Nakababalangkas ng mga paraan upang makagawa sa kabila ng limitadong pinagkukunang-yaman

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.

2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong.
6. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
7. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
8. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Alin ang <u>hindi</u> tumutukoy sa pagiging malikhain?

    a. Kakayahang gumamit ng hindi pangkaraniwang materyales sa isang gawain o proyekto
    b. Kakayahang gumawa ng mga kakaibang bagay buhat sa mga pangkaraniwang gamit o materyales
    c. Kakayahang mag-isip sa paraang hindi pangkaraniwan
    d. Kakayahang mag-isip nang mapanuri

2. Kung hindi sapat ang mga kagamitan at ibang kailangan sa isang proyekto dahilan sa kakulangan ng pondo, makabubuti na:

    a. ipagpaliban ang proyekto.
    b. magreklamo sa tagapangasiwa ukol sa suliranin sa kakulangan.
    c. mag-isip ng paraan kung paano makagagawa nang maayos.
    d. maghintay na makumpleto ang kagamitan bago magsimula ng trabaho.

3. Ano ang pangunahing pagpapahalagang kinakailangang pairalin upang hindi maubos kaagad ang limitadong pinagkukunang-yaman?

    a. Pagkamasinop
    b. Pagtitipid
    c. Pagkamaimpok
    d. Pagkamatiisin

4. Alin sa mga pangunahing pagpapahalagang moral (*core moral values)* ang sumasaklaw sa suliranin ukol sa limitadong pinagkukunang-yaman?

    a. Pagmamahal sa Diyos
    b. Mapanagutang paggamit ng kalayaan
    *c.* Mapanagutang pamamahala sa mga materyal na bagay
    *d.* Pagtitimpi

5. Ang bawat tao, anumang pangkat sa lipunan siya kabilang, ay may pangangailangang dapat tugunan, ngunit dahil limitado ang pinagkukunang-yaman, ano ang dapat niyang gawin?

    a. Isaisip ang kabutihang panlahat.
    b. Gamitin nang wasto ang mga pinagkukunang-yaman.
    c. Pamahalaan nang mabuti ang mga kaloob sa kanya ng Diyos.
    d. Mag-angkat na lamang ng mga produktong kulang sa atin.

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Ano ang gagawin mo kung maharap ka sa bawat sitwasyon?

Sitwasyon Blg. 1

Ilang buwan na lamang at magtatapos ka na sa *high school*. Maraming proyekto at research work na dapat tapusin. Kailangan mo ng panggastos upang matapos ang mga ito.

Sa pagkakataong ito, natanggal sa trabaho ang iyong ama sa pabrikang kanyang pinapasukan.

Sagot:

Ang gagawin ko ay______________________________________________

Paliwanag: ____________________________________________

____________________________________________

Sitwasyon Blg. 2

Ang inyong klase ay hinati sa apat na pangkat ng inyong guro. Bawat pangkat ay binigyan ng P200 na kailangang palaguin sa loob ng isang linggo. Makakakuha ng mataas na marka ang pangkat na mahusay ang pamumuhunang ginawa sa maliit na halagang ito.

Sagot:

Ang gagawin ng aming pangkat ay______________________________

____________________________________________

Paliwanag: ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

## Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa dalawang sitwasyon? Bakit?
2. Ano ang pangunahing suliraning magkatulad sa dalawang sitwasyong inilahad?
3. Bakit mahirap gumawa kung limitado ang pinagkukunang-yaman?
4. Paano ka makagagawa sa kabila ng mga limitasyong tulad nito?
5. Bakit mahalagang matutuhan mong gumawa sa kabila ng limitadong pinagkukunang-yaman?

Nasagot mo ba ang lahat ng mga tanong? Kung gayon, tunghayan mo ang mga sumusunod na gawain. Sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

## Gawain Blg. 2

Sa unang gawain, sinubukan ang iyong kakayahang makagawa sa kabila ang limitadong pinagkukunang yaman. Ngayon naman ay tunghayan mo ang isang maikling kuwento ukol sa buhay ng isa sa ating mga dakilang bayani. Umaasa akong maiuugnay mo ang aral na makukuha mo sa kuwentong ito sa unang gawain.

**Sa Kabila ng Kahirapan**

Maagang naulila sa mga magulang si Andres Bonifacio. Sa murang gulang ay natutuhan na niyang maghanapbuhay at gamitin ang anumang kakayahang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos.

Ayon sa mga tala ukol sa kanyang buhay, siya ay naghanapbuhay upang suportahan ang kanyang mga kapatid. Sa gulang na labing-apat na taon, siya na ang tumayong magulang sa mga ito. Gumagawa siya ng mga tungkod na kahoy at pamaypay at ibinebenta ang mga ito sa lansangan.

Nagtrabaho siya bilang klerk-mensahero sa isang bahay-kalakal. Dahil sa angking kasipagan at katapatan, naiangat siya sa posisyon bilang ahente. Ang kinikita niya ang nakatulong upang matugunan nilang magkakapatid ang pang-araw-araw na pangangailangan.

Sa kabila ng limitadong edukasyon dala ng kahirapan, pinilit pa rin niyang matuto sa pamamagitan ng sariling pagsisikap. Nanghihiram siya ng mga aklat at binasa ang mga ito. Ilan sa mga nabasa niyang nobela na nakaimpluwensya sa kanyang paniniwalang politikal ay ang *Les Miserables* ni Victor Hugo, *Noli Me Tangere at El Filibusterismo* ni Dr. Jose Rizal., *History of the French Revolution*, *The Wandering Jew* at iba pa.

Hindi naging hadlang kay Andres Bonifacio ang anumang limitasyong materyal upang magawa niya ang kanyang layunin sa buhay.

## Sagutin Mo

1. Paano hinarap ni Andres Bonifacio ang kahirapan sa buhay?
2. Paano niya pinatunayang hindi hadlang sa paggawa ang limitadong pinagkukunang-yaman?
3. Anu-anong pagpapahalaga na nauugnay sa ating paksa ang taglay niya?

## Gawain Blg. 3

Basahin mo ang kuwentong halaw sa Ebanghelyo ni Mateo 25:14-29. Iugnay ang mensahe ng kuwento sa dalawang natapos na gawain.

**Ang Talinghaga Tungkol sa mga Aliping Pinagkatiwalaan ng Salapi**

May isang taong maglalakbay, kaya tinawag niya ang kanyang mga alipin at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian. Binigyan niya ng salapi ang bawat isa ayon sa kanya-kanyang kakayahan: binigyan niya ang isa ng P5,000 ang isa nama'y P2,000 at ang isa pa ay P1,000. Pagkatapos, siya'y umalis. Humayo agad ang tumanggap ng P5,000 at ipinangalakal iyon. At nagtubo siya ng P5,000. Gayon din naman ang tumanggap ng P 2,000 ay nagtubo ng 2,000. Ngunit ang tumanggap ng P 1,000 ay humukay sa lupa at itinago ang salapi ng kanyang panginoon.

Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga aliping iyon at pinapagsulit sila. Lumapit ang tumanggap ng P5,000. Wika niya, ' Panginoon, heto po ang P5,000 na bigay ninyo sa akin. Heto pa po ang P5,000 na tinubo ko." Sinabi sa kanya ng panginoon, "Magaling! Tapat at mabuting alipin! Yamang naging tapat ka sa kaunting halaga, pamamahalain kita ng malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan! Lumapit din ang tumanggap ng P2000, at ang sabi 'Panginoon, heto po ang ibinigay ninyong P2,000. Heto naman po ang tinubo ko. Sabi ng kanyang panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting alipin. Yamang naging tapat ka sa kaunting halaga, pamamahalain kita ng malaking halaga. Makihati ka sa aking kagalakan.

At lumapit naman ang tumanggap ng P1,000. "Alam ko pong kayo'y mahigpit…natakot po ako, kaya't ibinaon ko sa lupa ang P1,000 ninyo. Heto na po ang inyong P1,000." Masama at tamad na alipin! tugon ng kanyang panginoon…"Bakit hindi mo iyan inilagak sa bangko, di sana'y may nakuha akong tubo ngayon? Kunin ninyo sa kanya ang P1, 000 at ibigay sa may P10,000."

### Sagutin Mo

1. Ano ang mahalagang mensaheng natutuhan mo sa parabula?
2. Masasabi mo bang ginawa ng pangatlong alipin ang lahat ng kanyang makakaya sa kabila ng maliit na halagang ipinagkaloob sa kanya?
3. Paano niya pinamahalaan ang limitadong perang ipinagkaloob sa kanya?
4. Paano mo ito maiuugnay sa ating aralin?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Sa buhay, hindi lahat ng ating naisin ay makukuha natin. Maraming bagay ang kinakailangang pag-isipan, pagpaguran, paghirapan upang sa kabila ng limitadong pagkukunan ay maitawid ang pang-araw-araw na pangangailangan.

Hihinto ka na lamang ba at hindi gagawa dahil kulang ang mga kakailanganing gamit o di kaya'y dahil maliit ang pondong naibigay sa iyo? Paano mo ito haharapin?

Anu-anong **pagpapahalaga** ang dapat mong linangin upang sa kabila ng limitadong pinagkukunang-yaman ay maisagawa mo pa rin ang mga gawaing nararapat mong tapusin? Isulat ang isang pagpapahalaga sa bawat kahon. Sundin ang halimbawa.

Mga Pagpapahalagang Dapat Kong Linangin
sa Kabila ng Limitadong Pinagkukunang-yaman

Halimbawa:
*Pagiging malikhain* - Mahalagang isabuhay ito sapagkat makatutulong ito sa paghahanap ng ibang paraan upang makagawa o makatapos ng gawain.

Mga Pagpapahalagang Dapat Kong Linangin sa Kabila ng Limitadong Pinagkukunang Yaman

Sa tulong ng mga gabay na salita, isulat mo ang mahalagang konseptong iyong natutuhan sa modyul na ito.


Limitadong pinagkukunang-yaman

Mga pagpapahalaga

Isabuhay

Mahalaga

Upang makagawa



Konsepto:____________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## V. Pagpapatibay

**Kakapusan: Hamon sa Ating Pagkamalikhain**

Isang katotohanan sa buhay na hindi lahat ng ating naisin ay ating nakukuha o ang lahat ng ating pangangailangan ay natutugunan. Lahat ay nakararanas ng kakapusan ng mga bagay-bagay. Hindi lahat ng bagay ay taglay ng isang tao o ng isang lugar, maaaring masagana sila sa isang bagay subalit kapos naman sa iba. Sabi nga sa wikang Ingles:*You can't have the best of both worlds.*

May kanya-kanyang pangangailangan at may kaniya-kanyang kakapusan. Subalit hindi dahil sa kapos ka ay hindi ka na kikilos at isusumbat na lamang sa Maylikha ang iyong sitwasyon.

Mahalagang kumilos at gumawa sa kabila ng limitadong pinagkukunang-yaman. Kung minsan ang limitasyong ito pa nga ang nagsisilbing daan upang mapaunlad ang buhay. Ang mga limitasyong ito ang nagsisilbing hamon upang gamitin natin ang ating talino sa pag-iisip ng mga paraan kung paano natin matutugunan ang ating mga pangangailangan o kung paano natin matatapos ang gawaing nakaatang sa ating mga kamay.

Upang maisagawa ito, nararapat na taglayin ng tao ang mga pagpapahalagang makatutulong sa kanya upang malagpasan ang limitasyong ito.

Isang halimbawa nito ay ang pagiging malikhain. Sa taong malikhain, walang imposible, nakagagawa siya sa kabila ng mga ipinapalagay ng iba na kakulangan. Nagagamit niya ang mga pinagkukunang-yamang mayroon sa kanyang paligid at mula dito ay nakalilikha siya ng isang kakaiba at natatanging bagay na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan ng lipunang kanyang kinabibilangan.

Isang halimbawa nito ay ang pagkakaimbento ni Alexander Graham Bell ng telepono. Ang pangangailangan sa komunikasyon ang nagbigay daan upang umisip siya ng mga paraan kung paano magkakausap ang dalawang taong nasa magkaiba at magkalayong lugar.

Sino ang makapagsasabing ang dating disyertong walang pakinabang ay magiging isang masaganang taniman ngayon? Makikita ito sa Negev sa Israel. Nagawa ng mga Israelita na makaisip ng paraan upang ang kanilang limitadong pinagkukunang-yaman ay mapakinabangan. Isang patunay lamang ito na mahalagang kumilos at gumawa sa kabila ng mga limitasyong ating kinakaharap.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

| Necessity is the mother of invention. |
|---|

1. Ano ang ibig sabihin ng kasabihang ito?
2. Magbigay ng halimbawa na magpapatunay dito.
3. Anu-anong mga paraan o tiyak na hakbang ang maaari mong gawin upang matugunan ang mga limitasyong dulot ng kakapusan o kakulangan sa mga pinagkukunang-yaman?

Halimbawa.

*Suliranin:* Kulang ang badyet ng nanay sa pambili ng gamit sa paaralan sa pasukan.

*Solusyon:* Ang mga natirang walang sulat na pahina ng aking notebook noong nakaraang taon ay pagsasama-samahin ko upang makabuo ng isang bagong kuwaderno.
Ngayon, magbigay ka ng sarili mong suliranin na kinakaharap mo at ang solusyon nito.

| Suliranin: |
|---|

| Solusyon: |
|---|

## VII. Gaano Ka Natuto?

Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Alin ang <u>hindi</u> tumutukoy sa pagiging malikhain?

    a. Kakayahang gumamit ng hindi pangkaraniwang materyales sa isang gawain o proyekto
    b. Kakayahang gumawa ng mga kakaibang bagay buhat sa mga pangkaraniwang gamit o materyales
    c. Kakayahang mag-isip sa paraang hindi pangkaraniwan
    d. Kakayahang mag-isip nang mapanuri

2. Kung hindi sapat ang mga kagamitan at ibang kailangan sa isang proyekto dahilan sa kakulangan ng pondo, makabubuti na:

    a. ipagpaliban ang proyekto.
    b. magreklamo sa tagapangasiwa ukol sa suliranin sa kakulangan.
    c. mag-isip ng paraan kung paano makagagawa nang maayos.
    d. maghintay na makumpleto ang kagamitan bago magsimula ng trabaho.

3. Ano ang pangunahing pagpapahalagang kinakailangang pairalin upang hindi maubos kaagad ang limitadong pinagkukunang-yaman ?

    a. Pagkamasinop
    b. Pagtitipid
    c. Pagkamaimpok
    d. Pagkamatiisin

4. Alin sa mga pangunahing pagpapahalagang moral (*core moral values)* ang sumasaklaw sa suliranin ukol sa limitadong pinagkukunang-yaman?

    a. Pagmamahal sa Diyos
    b. Mapanagutang paggamit ng kalayaan
    *c.* Mapanagutang pamamahala sa mga materyal na bagay
    *d.* Pagtitimpi

5. Ang bawat tao, anumang pangkat sa lipunan siya kabilang, ay may pangangailangang dapat tugunan, ngunit dahil limitado ang pinagkukunang-yaman, ano ang dapat niyang gawin?

    a. Isaisip ang kabutihang panlahat.
    b. Gamitin nang wasto ang mga pinagkukunang-yaman.
    c. Pamahalaan nang mabuti ang mga kaloob sa kanya ng Diyos.
    d. Mag-angkat na lamang ng mga produktong kulang sa atin.

## VIII. Mga Sanggunian

Estanislao, Jesus P. *On Well Being: Uniting Mind, Body and Spirit into a Coherent Whole*. University of Asia and the Pacific Foundation Inc: San Juan. 1997

### Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. c
2. c
3. a
4. c
5. b

Gaano Ka Natuto?

1. c
2. c
3. a
4. c
5. b